


# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan – Modyul 1: Kanais-nais na Kaugaliang Pilipino



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikatlong Markahan – Modyul 1: Kanais-nais na Kaugaliang Pilipino  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Jovylin A. Macawile, Maria Fe P. Alas
<b>Editor:</b>	Caridad P. Baginon, Maria Cicelia B. Pacantarra
<b>Tagasuri:</b>	David C. Alcober, Lita V. Jongco, Hermosilla V. Matuguina, Remie D. Puno
<b>Tagaguhit:</b>	Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.
<b>Tagalapat:</b>	Gualberto R. Gualberto Jr., Ana Lisa M. Mesina
<b>Tagapamahala:</b>	Ma.Gemma M. Ledesma     Mariza S. Magan Arnulfo M. Balane     Edgar Y. Tenasas Rosemarie M. Guino     Mark Chester Anthony G. Tamayo Joy B. Bihag     Gretel Laura M. Cadiong Ryan R. Tiu     Ranulfo L. Baay Amenia C. Aspa     Juliet L. Lim

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region No. VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte  
Telefax: 053 - 832 - 2997  
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

**5**

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikatlong Markahan – Modyul 1:  
Kanais-nais na Kaugaliang  
Pilipino**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Ikaw ba ay Pilipino? Bilang isang Pilipino, alam mo bang may mga natatanging kaugalian ang lahi mo? Taglay mo kaya ang mga kaugaliang ito? Ang mga Pilipino ay may likas na natatanging mga kaugalian na ipinagkaiba niya sa ibang mga lahi. Ilan sa mga katangiang nagpakilala sa mga Pilipino ay ang pagtulong sa kapwa o pagbabayanihan, magiliw na na pagtanggap sa mga panauhin, pagiging masayahin, pagmamahal sa pamilya, at marami pang ibang mabubuting kaugalian.

Ang mga sumusunod na mga layunin ay ang tatalakayin sa modyul na ito.

- Nakapagpapakita ng mga kanais-nais na kaugaliang Pilipino;
  - nakikisama sa kapwa Pilipino;
  - tumutulong/lumalahok sa bayanihan at palusong; at
  - magiliw na pagtanggap ng mga panauhin
- Naipadarama sa kapwa ang kusang –loob na pagtulong o paglahok sa bayanihan at palusong; at
- Nakasusulat sa kwaderno ng isang pangako na magpapakita ng pagmamahal sa bansa bilang isang mabuting mamamayan.

**EsP5PPP – IIIa – 23**



## ***Subukin***

Gaano mo kadalas ginagawa ang mga gawaing nakasulat sa bawat bilang?

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel kung **palagi, paminsan-minsan, o hindi kailanman** -ginagawa ang mga ito.

- \_\_\_\_\_1. Ipinagmamalaki ang mga kaugaliang Pilipino sa mga kaibigang taga ibang bansa o sa lahat ng mga kaibigan.
- \_\_\_\_\_2. Nalulungkot kapag tumutulong lang ang mga tao sa kapitbahay kung binabayaran sila o binibigyan ng pabuya.
- \_\_\_\_\_3. Nagmamano sa mga magulang at ibang nakatatanda bilang paggalang.

- \_\_\_\_\_4. Naniniwala na ang madalas na pagtulong sa ibang tao ay nagtuturo lang ng katamaran at pagiging palaasa sa iba.
- \_\_\_\_\_5. Malugod na tinatanggap ang mga kamag-anak at kakilala kapag dumadalaw sila.
- \_\_\_\_\_6. Aktibong lumalahok sa mga pagdiriwang ng pamayanan.
- \_\_\_\_\_7. Nagsisikap na makatulong sa ibang tao sa abot nang makakaya.
- \_\_\_\_\_8. Nagpapasalamat sa mga biyayang natatanggap sa araw-araw, malaki man ito o maliit.
- \_\_\_\_\_9. Ipinagdarasal ang sariling bayan, mga lider ng bansa, at mga kapwa Pilipino.
- \_\_\_\_\_10. Nagkukusang tumulong sa iba kapag may pagkakataon.

<b>Aralin</b>  <span style="font-size: 2em; font-weight: bold;">1</span>	<h2 style="margin: 0;">Kanais-nais na Kaugaliang Pilipino</h2>
--	--



### ***Balikan***

**A.** Paglalahad ng isang kuwentong isinalarawan.

**Unang Sitwasyon:** May mga kamag-anak kayong galing sa probinsiya at nagpaalam na makikitira muna sa inyo ng ilang araw habang may inaayos na mga dokumento ng lupa sa inyong lungsod.

**Tanong:**

1. Kung mangyari sa inyo ang ganyang sitwasyon, ano ang gagawin mo?

---



---



---



---



---



---

**Ikalawang Sitwasyon:** Nakita ng isang bata ang matanda na tila ibig tumawid subalit hindi makatawid kahit na nakahinto na ang mga sasakyan.

**Tanong:**

2. Kung ikaw ang batang tinutukoy sa sitwasyon, ano ang gagawin mo upang makatulong sa matanda?

---

---

---

---

---

---

**B.** Basahin ang bawat sitwasyon. Isulat kung ano ang iyong pananaw sa bawat sitwasyon.

1. Si Mark ay nakikiisa sa proyekto ng “*Tree Planting*”. Ano ang masasabi mo tungkol sa pakikiisa ni Mark sa proyekto?

---

---

---

---

---

---

2. Tumutulong si Ben at Lucy upang maiwasan ang paglaganap ng “*virus*” sa ibang tao sa pananaliti sa loob ng bahay at pagsunod sa mga tagubiling pangkalusugan. Sang-ayon ka ba sa ginawa ni Ben? Bakit?

---

---

---

---

---

---

3. Si Mang Ambo at Aling Luisa ay gumawa ng mga *face masks* gamit ang mga lumang damit upang makaiwas sa pagdami ng mga itinatapong *surgical face mask* sa basurahan. Ano ang iyong pananaw dito?

---

---

---

---

---

---

4. Sinusunod ko ang mga batas na pinairal ng pamahalaan lalo na ngayong panahon ng pandemya upang mabilis na mawala ang epekto ng COVID-19 sa mga mamamayan. Sa iyo bang palagay, ito ay makabubuti para sa lahat?

---

---

---

---

---

---

5. Masunurin sa batas ang pamilya ni Alexa. Ngayong pandemya maraming batas pangkalusugan ang ipinapatupad. Ang madalas na paghuhugas ng kamay, pagsusuot ng *facemask* at *faceshield* ay ginagawa ng pamilya ni Alexa upang maiwasan ang pagkalat ng COVID -19. Sa iyong pananaw, ito ba ang magandang pag-uugaling Pilipino? Bakit?

---

---

---

---

---

---





## Tuklasin

May namumukod-tangi na kaugalian at katangian ang mga Pilipino. Tuklasin ang mga ito sa kwento sa ibaba. Sagutin ang mga tanong at isulat sa sagutang papel.

### Pagkakaisa sa Pagbangon

Jovylin Abueva Macawile

Kadalasan sa buwan ng Nobyembre ay nagkakaroon ng bagyo. Ika-7 ng Nobyembre ng taong 2013 balita na sa buong mundo na may pinakamalakas na bagyo ang darating sa bansa at mananalasa sa buong Visayas lalong-lalo na sa mga probinsya ng Samar at Leyte. Ngunit sa araw na iyon kampante pa ang mga tao dahil maganda ang panahon.

Mang Goryo: May bagyo nga bang darating bukas? Parang wala naman kasi ang ganda-ganda naman ng panahon.

Aling Maria: Maghanda na lang tayo, Goryo. Mas mabuti na ang handa kaysa sa hindi. Dumating man ang bagyong iyan o hindi, importante ay handa tayo.

Mang Goryo: Oo, Maria. Aakyat ako sa taas at titingnan ko ang mga bubong nang matalian at maipako ng maayos. Puputulin ko na rin mga mga sanga ng mga puno na kung sakaling lumakas ang hangin hindi makadagan sa ating bubungan.

Aling Maria: Sige, Goryo, mag-iingat ka. Ako naman ay magbabalot ng ating mga damit para hindi mabasa. Maglalagay na rin ako ng ilang damit sa *bag* na kung sakaling kailanganin nating lumipat mayroon tayong mabibitbit.

Lucia: Nanay, tutulong din ako. Ako na lang ang maghahanda ng ilang de lata at biskwit. Ilalagay ko na rin sa *bag*. Maglalagay na rin ako ng mga medisnang kakailanganin natin.

Mario: Hahanapin ko naman ang ating dalawang *flashlights* at ang mga baterya dahil siguradong magkaka-*brownout* pag lumakas na ang hangin at ulan. Lalagyan ko na rin ng gaas ang ating mga lampara.

Bago sumapit ang dilim, tapos na sa paghahanda ang pamilya ni Mang Goryo. Sa gabing iyon, maaga silang kumain at natulog subalit ang mag-asawa ay hindi makatulog. Patuloy silang nakinig ng balita sa radyo at nabalitaan nila na lahat ng mga nakatira sa tabing-dagat ay kinakailangan lumikas dahil ang bagyo daw ay magdudulot ng *storm surge* o matataas na alon. Walang ano-ano'y may kumatok sa kanilang pinto. Nang kanilang buksan, mga taga-*Rescue Unit*

pala ng kanilang lugar kasama ang kanilang kapitan. Sinabihan sila na kailangan nilang lumikas at magpunta sa *Evacuation Center* ng kanilang lugar.

Kapitan Lucas: Pareng Goryo at Mareng Maria, kailangan ninyong magpunta sa Evacuation Center dahil delikado sa ating mga naninirahan sa tabing-dagat itong paparating na bagyo dahil magdudulot daw ito ng storm surge. Tataas daw ang tubig sa dagat ng mga lampas sampung metro.

Mang Goryo: Sige, Pareng Lucas, sasama na kami sa inyo sa *Evacuation Center*.

Aling Maria: Gigisingin ko lang ang mga bata at tayo ay aalis na. Huwag mong kakalimutang bitbitin ang *bag* ng ating mga kakailanganing gamit.

Madaling araw ng magsimulang maramdaman ang bagyo. Sa unang bugso hindi pa ito masyadong malakas ngunit pagkalipas ng halos isang oras ay naramdaman na ang hagupit ng napakalakas na bagyo. Pagkatapos ng ilang oras na pananalasa ng bagyo, humupa na ito at ang nasilayan ng mga tao ay ang mga sirang bahay, gusali, mga pananim, at mga kabuhayan. Hindi nakaligtas sa bagyo ang bahay at kabuhayan nila Mang Goryo at ng kanilang mga kapitbahay.

Mang Goryo: Huwag tayong mag-alala, babangon tayo. Magtulungan tayong ayusin ang ating mga nasirang bahay at kabuhayan. Magkaisa lang tayo at makakaya natin ito.

Mang Bano: Oo, Pareng Goryo, magtulungan tayo. Hahanapin ko ang aking martilyo at iba pang gamit nang maumpisahan na natin ang pag-aayos.

Mang Karding: Maghahanap naman ako ng mga bagay na maaari pa nating magamit. Kailangan nating makapagtayo ng kahit tagpi-tagping bahay lang muna nang mayroon tayong masilungan.

Aling Rosing: Tutulong din ako. Maghahanap din ako ng mga gamit na maaari pa nating mapakinabangan.

Masaya at masiglang nagtulungan ang magkakapit-bahay. Nagkaisa ang lahat upang makabangon mula sa unos na kanilang naranasan. At dahil sa tulong ng ibang tao mula sa ibang lugar at maging sa ibang bansa, tuluyang nakabangon ang pamilya ni Mang Goryo at ang iba pang pamilya sa kanilang lugar.

Mang Goryo: Ano mang bagyo ang dumating, gaano man kahirap ang buhay na ating maranasan kung tayo ay magkakaisa at magtutulungan, ito ay ating malalampasan.

Kapitan Lucas: Iyan ang Pinoy! Lalo na ang tulad nating mga Waray-waray.

Malakas na sumag-ayong ang lahat.

Mga tanong:

1. Anong malaking unos ang naranasan ng mga taga-Visayas?

---

---

2. Anu-ano ang mga katangian at kaugaliang Pilipino ang ipinakita sa kwento?

---

---

3. Paano ipinakita ang pagtutulungan ng mga magkakapit-bahay sa pamayanan?

---

---

4. Anong magandang aral ang iyong natutuhan sa kwento?

---

---

5. Kung ikaw ang makaranas ng ganyang unos sa buhay, anong katangian ang maaari mong ipakita at paano mo ito gagawin?

---

---



### ***Suriin***


Sa kwento na inyong nabasa, naipakita ang iba't ibang kanais-nais na ugaling Pilipino. Natukoy mo ba ang mga ito?

May mga katangian at kaugalian tayong mga Pilipino na magpahanggang ngayon ay naipakikita at nagagawa pa rin natin. Kilala tayo dahil sa ating mga kaugaliang ito. Karamihan sa mga kaugaliang ito ay nagpapakita ng ating pagiging mabubuting mamamayang Pilipino.

Bata pa lang tayo ay tinuturuan na tayo ng ating mga magulang ng kahalagahan ng pagkakaroon ng mabubuting kaugaliang Pilipino na nagdudulot ng kabutihan at magandang pakikipag-ugnayan sa kapwa. Ilan sa halimbawa ng mga kanais-nais na kaugaliang Pilipino na naituturo sa atin ay ang mga sumusunod:

- Ang **pagbabayanihan** o pagtutulungan sa oras ng pangangailangan lalo na sa panahon ng kalamidad at sakuna. Sa mga ganitong pagkakataon, ibinibigay natin ang kahit anong tulong na maaari nating maipaabot sa kapwa.
- Ang **malugod na pagtanggap sa kapwa at sa mga panauhin** kung saan ipinapakita natin ang pagiging magiliw sa iba. Marami ang natutuwa sa ating mga Pilipino dahil sa maganda tayong makitungo sa mga bisita. Ipinamamalas natin sa ating mga bisita ang kaginhawahang kaya nating ibigay habang sila ay nasa ating tahanan.
- Ang **pagiging magalang** sa lahat ng pagkakataon lalo na sa ating magulang, kamag-anak, at nakatatanda. Ipinapakita ito sa pamamagitan ng pagmamano at pagsasabi ng magagalang na salita tulad ng po at opo. Kilala rin ang mga Pilipino sa pagiging malapit sa pamilya.

Bukod sa magagandang pasyalan at tanawin, kilala rin sa ating bansa sa pagkakaroon ng mga mamamayan na may kanais-nais na pag-uugali. Ang mga nabanggit ay ilan lang sa mga mabubuting kaugalian natin. Sikapin pa natin na ito ay isagawa at panatilihin sa araw-araw nating pamumuhay.




## ***Pagyamanin***

**A. Panuto:** Kilala tayong mga Pilipino sa ating magagandang kaugalian. Nagpapakita ng pagiging mabuting mamamayan ang karamihan sa kaugaliang ito. Tingnan ang mga larawan. Isulat sa sagutang papel ang titik ng larawan na may kaugnayan sa mga kaugaliang nakalista sa bawat bilang.



a.

b.



c.




d.



e.





f.

- \_\_\_\_\_ 1. Pagbibigay ng pasalubong
- \_\_\_\_\_ 2. Pagkalinga sa nangangailangan
- \_\_\_\_\_ 3. Pag-aasikaso sa nakatatanda
- \_\_\_\_\_ 4. *Free check-up* – pagtulong na walang kapalit
- \_\_\_\_\_ 5. Kapaskuhan – pagdiriwang ng mahahalagang okasyon
- \_\_\_\_\_ 6. *Family reunion* – pagpapanatili ng ugnayan ng mga miyembro ng pamilya

**B. Panuto:** Basahin at piliin kung alin ang kaya mong gawin. Lagyan ng **tsek (/)** ang patlang kung ang isinasaad ng pangungusap ay kaya mong isagawa bilang pagpapakita ng magagandang kaugalian ng mga Pilipino at pagmamahal sa bayan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Sinusunod ko ang mga batas trapiko.
- \_\_\_\_\_ 2. Nakikinig ako sa payo ng nakatatanda sa akin.
- \_\_\_\_\_ 3. Nagbabasa ako ng diyaryo araw-araw.
- \_\_\_\_\_ 4. Pagbubutihin ko ang aking pag-aaral.
- \_\_\_\_\_ 5. Hindi ako nakikipag-away.
- \_\_\_\_\_ 6. Inaalalayan ko ang mga nakatatanda sa pagsakay ng bus.
- \_\_\_\_\_ 7. Tumutulong ako sa pagbibigay-babala sa mga tao kapag may parating na bagyo.
- \_\_\_\_\_ 8. Tinatangkilik ko ang mga produktong Pilipino.

\_\_\_\_\_9. Nakikiisa ako sa programa ng mga kabataan sa aming lugar.

\_\_\_\_\_10. Pinaghihiwa-hiwalay ko ang mga basurang nabubulok at basurang di-nabubulok.



## **Isaisip**

**Panuto:** Punan ng wastong salita ang bawat pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon na nasa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Isang mabuting kaugalian ang pagtulong ng walang hinihintay na \_\_\_\_\_ na kabayaran.
2. Maganda sa pakiramdan ang pagtulong nang \_\_\_\_\_.
3. Laging \_\_\_\_\_ ang pakikipagtulungan sa kapwa.
4. May kabutihang naghihintay para sa taong \_\_\_\_\_.
5. Magandang kaugalian ang \_\_\_\_\_ sa payo ng mga magulang.
6. Ang pagiging mabuting mamamayang Pilipino ay nagpapakita ng \_\_\_\_\_ sa bansa.
7. Kinagigiliwan ang mga Pilipino sa pagiging \_\_\_\_\_ sa pagtanggap ng mga panauhin.
8. Kilalang-kilala ang mga Pilipino pagdating sa \_\_\_\_\_ o pagtulong sa kapwa.
9. Ang \_\_\_\_\_ sa mga magulang at nakatatanda ay nagpapakita ng paggalang sa kanila.
10. Dapat nating \_\_\_\_\_ ang mga kaugalian at tradisyong Pilipino.

kapalit

ipagmalaki

bayanihan

kusang-loob

isapuso

pagmamano

matulungin

pagsunod

magiliw

pagmamahal



## **Isagawa**

Maraming katangiang Pilipino ang dapat nating ipagmalaki. Gayunpaman, may pagkakataong nagagamit ng hindi wasto ang ilan sa mga katangiang ito kaya lumilikha ng negatibong pagtingin sa mga Pilipino.

**Panuto:** Isulat sa **A** kung ano ang naiisip mo tungkol sa katangiang ito. Isulat naman sa **B** kung ano ang pinaniniwalaan mo na dapat gawin upang maiwasan ang hindi wastong paggamit o pagpapakita nito.

**Halimbawa:** Pagbibigay ng regalo/pasalubong

- A. Naipakikita sa mga mahal sa buhay na sila ay mahalaga.
- B. Ipaliwanag sa kanila na ang pagbibigay ng regalo o pasalubong ay kusang-loob lang na ginagawa at dapat hindi hinihingi.

1. Magiliw na pagtanggap sa mga panauhin

A. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

B. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

2. Pagiging matulungin

A. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

B. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_



3. Pagdiriwang ng espesyal na araw

A. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

B. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

4. Kapatid ang pagtrato sa kaibigan

A. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

B. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

5. Matibay na ugnayang pampamilya

A. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

B. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_



## ***Tayahin***

**Panuto:** Ano ang namumukod na katangiang Pilipino na gusto? Ano naman ang hindi magandang ugaling Pilipino ang gusto mong baguhin? Ipaliwanag ito sa mga kahon sa ibaba.

Katangiang Pilipino na Gustong Paunlarin	Katangian ng Pilipino na Gustong Baguhin



## ***Karagdagang Gawain***

Sa isang malinis na papel, gumuhit ng isang mabuting kaugalian ng mga Pilipino na naipapakita natin lalo na ngayong panahon ng pandemya na nais mong maipagmalaki. Magsulat ng lima o higit pang pangungusap para ilarawan ang iyong guhit.

## ***Talasalitaan***

- unos – kalamidad o pangyayari na dumarating tulad ng bagyo na may kasamang malakas na hangin at ulan
- mananalasa– maninira o magdudulot ng mga pagkasira
- humupa – nawala, naglaho
- nasilayan – nakita, nasaksihan
- bugso – biglaang pag-ulan at paghangin ng malakas
- lumikas – umalis, lumipat



## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. Palagi
2. Paminsan-minsan
3. Palagi
4. Paminsan-minsan
5. Palagi
6. Palagi
7. Palagi
8. Palagi
9. Palagi
10. Palagi

**Balikan**

1. tutulongan
2. aalalayan
3. ang sagot
4. magkaba-iba
5. ang taong
6. kapansanan
7. may
8. sa pagtawid
9. ang matanda

**Tuklasin**

1. Malakas na bagyo
2. Pagtutulongan at pagkakaisa
3. Nagtutulongan sila sap ag-aayos ng kamiliang mga bahay
4. Ang pagtutulongan at pagkakaisa ay mahalaga
5. Maaring

**Pagyamanin**

A.

1. f
2. c
3. d
4. b
5. e
6. a

B. 1-10 lahat tsek (/)

**Isaisip**

1. kapalit
2. kusang-loob
3. isapuso
4. matulungin
5. pagsunod
6. pagmamahal
7. magiliw
8. bayanihan
9. pagmamano
10. ipagmalaki

**Isagawa**

(Maaring magkaba-iba ang sagot)

- Isaisip**
1. kapatit
  2. kusang-loob
  3. isapuso
  4. matlungin
  5. pagsunod
  6. pagmamahal
  7. magiliw
  8. bayanihan
  9. pagmamano
  10. ipagmalaki

**Tayahin**  
Maaaring  
magkaiba-iba  
ang sagot.

## ***Sanggunian***

Ylarde, Zenaida, and Gloria Peralta. 2019. *K to 12 Curriculum Guide in Edukasyon sa Pagpapakatao 5: Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*. Quezon: Vibal Group, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)